**CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE**

| **Catch-up Subject:** | Reading - Filipino | **Grade Level:** | 2 |
|---|---|---|---|
| **Quarterly Theme:** | Wika at Gramatika | **Date:** | February 2, 2024 |
| **Sub-theme:** | Gamit ng Pangngalan | **Duration:** | 70 mins<br>*(time allotment as per DO 21, s. 2019)* |
| **Session Title:** | Wastong Gamit ng Pangngalan | **Subject and Time:** | Filipino<br>08:00 – 09:10 AM<br>*(schedule as per existing Class Program)* |
| **Session Objectives:** | • Nalalaman ang kategorya ng Pangngalan<br>• Natutukoy ang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o panyayari sa kuwentong binasa<br>• Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng ngalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari. | | |
| **References:** | K to 12 Basic Education Curriculum<br>MELC p. 32<br>PIVOT 4A FILIPINO 2 Quarter 3 p. 7-11 | | |
| **Materials:** | Flashcards<br>Story<br>Powerpoint<br>Tarpapel | | |

| **Components** | **Duration** | **Activities** |
|---|---|---|
| **Activity** | 15 mins | Pagbati.<br>Pang-araw-araw na Gawain.<br><br>**Pre-Reading Activities**<br>(Suggested Activities for Reading Intervention DM 001 s. 2024)<br>*Singing songs or chants related to the story or poem to be used in the actual reading*<br><br>Awitin ang “Pangngalan” (tono ng Kung ikaw ay Masaya)<br><br>Itanong:<br>1. Anong naramdaman ninyo pagkatapos ng awit?<br>2. Tungkol saan ang awit?<br>3. Ano-ano ang ngalan na nabanggit sa awit?<br><br>Ipabasa:<br><br>(see table below)<br><br>Talakayin ang Pangngalan. |

| TAO | BAGAY | HAYOP | LUGAR | PANGYAYARI |
|---|---|---|---|---|
| Lalaki | lapis | aso | paaralan | kaarawan |
| babae | | pusa | | |

Ang **pangngalan** ay salita o bahagi ng pangungusap na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, hayop, at pangyayari.

Magbigay ng mga halimbawa ng ngalan ng tao, bagay, pook, hayop, at pangyayari.

**Gawin:** Basahin ang maikling kuwento ng sabay-sabay.

**During Reading Activities**
(Suggested Activities for Reading Enhancement
DM 001 s. 2024)
*Learners read independently or with a partner.*

**Paghahawan ng mga balakid.**
Humupa- nawala o tumigil
Dumungaw- sumilip o tumingin
Napagtanto- napagisip-isip o nalaman
Nagkukumpolan- nagsama-sama o nagpangkat



**Ang mga Alagang Hayop ni Rico**
ni: Denmark Soco Mahilig

Si Rico sa mga hayop. Sa katunayan marami siyang alagang hayop. May alaga siyang aso, kuneho, palaka, pagong, pusa, at ibon. Sa tuwing pumupunta si Rico sa palengke ay isinasama niya ang kaniyang aso. Katabi naman niya ang kaniyang pusa sa pagtulog. Pagkagaling ng paaralan ay agad niyang binibigyan ng patuka ang kaniyang alagang ibon habang sinasabayan ito ng pagkanta. Hindi niya rin pinapabayaan ang kaniyang alagang pagong at palaka. Sinisigurado niya na malinis ang tubig sa kulungan nito. Itinuturing ni Rico ang kaniyang mga alaga na kaniyang pamilya. Mahal na mahal ito ni Rico.

Ngunit isang araw, biglang may dumating na bagyo. Binaha ang bahay nila Rico. Nang humupa na ang tubig nawawala ang kanyang alagang pagong at palaka. Labis siyang umiyak sa nangyari. Kinabukasan ay agad siyang nagising sa sobrang ingay ng kaniyang paligid. Dumungaw siya sa bintana at nakita niya ang sobrang daming palakang nagkukumpolan. Agad niyang napagtanto ang pamilya na kabilang ang kaniyang alagang palaka. Ganoon din ang kaniyang naisip sa kaniyang nawawalang pagong na may kasama na itong kapwa niya pagong.

Masaya na rin si Rico sa nangyari. At ang kaniyang inalagaan na lamang ay ang kaniyang aso, pusa at kuneho.

Pinakawalan niya na rin ang kaniyang alagang ibon dahil hindi ito dapat na ikinukulong.

1. Ano-ano ang alagang hayop ni Rico?
2. Sino ang kasama ni Rico kapag pumupunta siya sa palengke?
3. Sino ang katabi ni Rico tuwing siya ay natutulog?
4. Anong hayop ang pinapatuka ni Rico na sinasabayan niya pa ng pagkanta?
5. Anong ugali mayroon si Rico?
6. Kung ikaw si Rico gagayahin mo ba ng kanyang pag-uugali?

(Ipasulat sa pisara ang nabanggit na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari sa kuwento. Pagkatapos maibigay ang mga Pangngalan ay babasahin ng sabay-sabay.)

| TAO | BAGAY | HAYOP | LUGAR | PANGYAYARI |
|---|---|---|---|---|
| Rico | patuka | Aso | Palengke | bagyo |
| | kulungan | Palaka | Bahay | |
| | | Pagong | paaralan | |
| | | Ibon | | |
| | | Kuneho | | |
| | | pusa | | |

**Think-Pair!**
(Suggested Activities for Reading Intervention and Enhancement DM 001 s. 2024)
*Encourage writing or drawing.*

**(Full Refresher)**
Pagtambalin ang mga larawan na nasa Hanay A sa mga salita na nasa Hanay B. (Bigyan ang bawat pares ng kopya ng gawain)


HANAY A — HANAY B

1.  — a. a-ma

2.  — b. bo-la

3.  — c. a-so

| | | |
|---|---|---|
| | | 4.  d. pas-ko<br><br>5.  e. pa-a-ra-lan<br><br>**(Moderate Refresher)**<br>Bilugan ang salitang tinutukoy ng Pangngalan. Bigyan ang bawat pares ng kopya ng gawain)<br>1. Tao (ama, payong, pusa)<br>2. Bagay (pista, relo, maya)<br>3. Hayop (palaka, Ana, tubig)<br>4. Lugar (Nene, ibon, Laguna)<br>5. Pangyayari (bulaklak, kaarawan, walis)<br><br>**(Light Refresher)**<br>Hayaan ang mga bata na pumunta sa kanilang kaibigan at maglista ng tigtatatlong ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. Basahin ito sa harap ng klase.<br><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa gawain.<br><br>**(Grade Ready)**<br>Gumawa ng dalawang pangungusap gamit ang ngalan ng tao bagay, hayop, lugar o pangyayari. |
| **Reflection** | 15 mins | **Post Reading Activities**<br>(Suggested Activities for Reading Enhancement<br>DM 001 s. 2024)<br>*Learners relate stories to personal experiences during sharing.*<br><br>Iuugnay ng mga bata ang kanilang sariling karanasan tungkol sa aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.<br><br>***-Tao***<br>***Sino ang iniidolo mong tao?***<br>***Anong katangian niya?***<br>***-Bagay*** |

| | | |
|---|---|---|
| | | ***Anong bagay ang gusto mong magkaroon ka? Bakit?***<br>***-Hayop***<br>***Ano ang alaga mong hayop?***<br>***Bakit ito ang napili mong alagaan?***<br>***-Lugar***<br>***Anong lugar ang gusto ninyong mapuntahan? Bakit?***<br>***-Pangyayari***<br>***Anong pinakamasayang pangyayri sa buhay mo na hindi mo makakalimutan?*** |
| **Wrap Up** | 5 mins | **Wrap Up**<br>(Suggested Activities for Reading Enhancement<br>DM 001 s. 2024)<br>*Reinforce key points or main takeaways from the material/s read.*<br><br>***(Full Refresher and Moderate Refresher)***<br>Kulayan ng pula ang salita na tumutukoy sa tao, dilaw kung bagay, asul kung hayop, berde kung lugar at lila kung pangyayari.<br><br>***(Light and Grade Ready)***<br>Sumulat ng isang pangungusap gamit ang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. |
| **Drawing/Coloring Activity (Grades 1- 3)** | 5 mins | Gumuhit ng isang halimbawa ng Pangngalan at kulayan ito. |

Prepared By:

**Dolor E. Andus**
**Kathlene Joy M. Olea**
**Ivy D. Albino**
Teacher I

Recommending Approval:

**Juana A. Dela Cruz**
Master Teacher II

Approved:

**Juancho A. Dela Cruz**
School Head

## Mapped subject

**Grade Level: Grade 7**
**Subject: Science**

| Quarter | Content Standard<br>*The learners demonstrate understanding of…* | Performance Standard<br>*The learners should be able to…* | Most Essential Learning Competencies | Duration | K to 12 CG Code |
|---|---|---|---|---|---|
| 3rd | motion in one dimension | conduct a forum on mitigation and disaster risk reduction | Describe the motion of an object in terms of distance or displacement, speed or velocity, and acceleration | Week 1-2 | **S7FE-IIIa-1** |
| | | | Create and interpret visual representation of the motion of objects such as tape charts and motion graphs | Week 3 | **S7FE-IIIb-3** |
| | waves as a carriers of energy | | Infer that waves carry energy | Week 4 | |
| | | | Describe the characteristics of sound using the concepts of wavelength, velocity, and amplitude | Week 4 | **S7LT-IIId-7** |
| | the characteristics of light | suggest proper lighting in various activities | Explain color and intensity of light in terms of its wave characteristics | Week 5 | |

## Sample Class Program

### GRADE 7 MATATAG CLASS PROGRAM
School Year 2023-2024

| TIME | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| 7:00-7:20 | *FLAG CEREMONY* | | | | |
| 7:20-8:20 | MATH | MATH | MATH | MATH | Independent Learning (MATH) |
| 8:20-9:20 | FILIPINO | FILIPINO | FILIPINO | FILIPINO | ESP |
| 9:20-9:50 | *RECESS* | | | | |
| 9:50-10:50 | TLE | TLE | HOMEROOM GUIDANCE | TLE | TLE |
| 10:50-11:50 | MAPEH | MAPEH | | MAPEH | MAPEH |
| 12:00-1:00 | *LUNCH BREAK* | | | | |
| 1:00-2:00 | | SCIENCE | SCIENCE | SCIENCE | SCIENCE |
| 2:00-3:00 | ARALING PANLIPUNAN | ARALING PANLIPUNAN | | ESP | ARALING PANLIPUNAN |
| 3:00-4:00 | ENGLISH | Independent Learning (ENGLISH) | ENGLISH | ENGLISH | ENGLISH |